Australian Government
Department of Home Affairs

# Lahat ng may-ari ng visa

## Mga may-hawak ng visa sa Australia

### Pag-alis sa Australia

**Makakabalik**

Hindi naaangkop sa mga taong karaniwang residente ng isang bansa maliban sa Australia ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe sa labas ng Australia na kaugnay ng COVID-19. Makakabalik ka sa iyong bansang pinagmulan/bansa ng madalas na paninirahan kung ligtas ito at posible itong gawin.

**Hindi Makakabalik**

Kailangan mong mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa.

### Pamamalagi sa Australia

Kailangan mong mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa. Maaari kang bigyan ng isang bridging visa na magpapanatili sa iyo na legal hanggang sa magawa ang desisyon tungkol sa iyong aplikasyon sa visa.

**Walang karagdagang kondisyon sa pananatili (kasama ang 8503, 8534 at 8535)**

Nangangahulugan ito na hindi ka maaaring mag-apply para sa karamihan ng iba pang mga visa hanggang sa umalis ka sa Australia. Kung wala nang 2 buwan ang natitirang bisa ng visa mo, maaari kang humiling na i-waive ang kondisyong ito. Papayuhan ka namin sa kalalabasan ng iyong kahilingan. Kung naaprubahan ang iyong kahilingan, maaari kang gumawa ng isang bagong aplikasyon sa visa.

**Kondisyon 8558 (Hindi maaaring manatili ang hindi residente ng higit sa 12 buwan sa anumang 18 buwan na panahon)**

Kakailanganin mong mag-apply ng bagong visa na naangkop sa mga pangangailangan mo. Tuklasin ang mga opsyon mo sa visa

Kung napaso ang iyong visa, kailangan mong mag-apply agad ng Bridging E visa (BVE) para maging legal. Napapanatili kang legal ng BVE habang inaayos mo ang pag-alis o tinatapos ang iyong usapin sa immigration.

### Sumunod sa mga kondisyon ng visa

**Hindi makapagbibigay ng karagdagang impormasyon dahil sa pagsasara ng opisina (Mga clearance sa Kalusugan o Pulisya, Biometrics, Pagsubok sa Wikang Ingles)**

Bibigyan ka ng karagdagang oras para makumpleto ang mga tseke at magbigay ng hiniling na impormasyon.

**Hindi makakabalik sa Australia bago mapaso ang aking visa at nais na bumalik**

Kailangan mong mag-apply para sa isang bagong visa sa sandaling naiangat ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe.

**Hindi makumpleto ang Kailangan sa Pag-aaral sa Australia o mga panahon ng pananatili sa ilalim ng mga pang-rehiyon na inisyatibo para sa mga may-ari ng visa na Pansamantalang nagtatapos**

Tinitingnan namin ang mga konsesyon ayon sa kaso.

## Mga May-hawak ng Bridging Visa

Kung napaso ang iyong Bridging visa at nasa labas ka ng Australia, kakailanganin mong mag-apply para sa isa pang visa. Hindi maipagkaloob ang mga bridging visa kung nasa labas ka ng Australia.

## Pagproseso ng mga aplikasyon ng visa

Kailangang alam ng mga aplikante na maaaring naapektuhan ng COVID-19 ang ilang serbisyong may kaugnayan sa proseso ng aplikasyon ng visa.

Alam namin ang mga isyu sa pag-access ng VEVO system para sa ilang may-ari ng visa. Kung hindi mo magamit ang VEVO para tingnan ang estado ng iyong visa, maaari mo pa ring ma-access ang iyong visa grant letter at mga kondisyon ng visa online gamit ang iyong ImmiAccount.

## Mga medikal na appointment ng visa

Kailangang alam ng mga kliyente ang mga pagkaantala sa mga medikal na serbisyo ng visa, sa loob at labas ng Australia, dahil sa COVID-19.

Alam ng aming mga opisyal sa pagpoproseso ng visa ang mga pagkaantala. Magsasagawa kami ng mga pinahabang panahon kapag isinasaalang-alang ang aplikasyon ng iyong visa.

Hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa amin kung muling na-iskedyul ang medikal para sa iyong visa.

Kung hindi ka pa nakapagpasa ng iyong aplikasyon sa visa o hindi nakahiling na sumailalim sa isang medikal na pagsusuri ng immigration, hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa isang klinika ng medikal na serbisyo sa visa sa Australia o sa isang panel na klinika sa ibang bansa sa panahong ito.

### Sa Australia

Patuloy ang operasyon ng Bupa Visa Medical Services at iba pang klinika ng Medikal na Serbisyo sa Visa. Gayunpaman, binawasan ang mga medikal na serbisyo sa visa dahil sa mga hinihiling ng Kagawaran ng Kalusugan kaugnay ng COVID-19.

Kabilang sa mga hakbang ang social distancing. Ipapatupad ito sa lahat ng umiiral na booking mula Marso 19 pasulong. Maaaring bawasan ng hakbang na ito ang availability ng appointment sa maraming sentro.

Kakanselahin namin ang ilang booking at magbibigay ng mga refund. Makikipag-ugnayan kami sa lahat ng taong may nakanselang appointment at muling mag-i-iskedyul sa mga available na appointment bago magbukas ang sistema ng booking para sa mga bagong appointment.

Pansamantala lang ang mga hakbang na ito. Regular na susuriin ang mga ito sang-ayon sa payo ng Kagawaran ng Kalusugan.

Inilaan ang mga hakbang para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga aplikante ng visa na pumupunta sa mga klinika, pati na rin ang mga kawani ng klinika, alinsunod sa mga rekomendasyon ng Pamahalaan ng Australia.

### Sa Labas ng Australia

Mayroong mga pagkaantala sa mga serbisyo sa ibang bansa. Pansamantalang inihinto o binawasan ang operasyon ng ilang klinika sa susunod na ilang buwan.

Isang malaking bilang ng mga panel na klinika ang nagpapatupad ng karagdagang hakbang sa pamamahala ng panganib ayon sa kanilang mga tugon sa pambansang pamamahala ng COVID-19 at payo ng kanilang indibiduwal na pamahalaan.

## Mga may-ari ng permanenteng visa

Maaaring bumalik sa Australia ang mga permanenteng residente ng Asutralia. Kakailanganin nilang sumailalim sa sapilitang kwarantina sa loob ng 14 na araw, sa mga itinalagang pasilidad (halimbawa, isang hotel), sa pagdaratnan nilang daungan. Kabilang dito ang mga taong nasa ibang bansa na nabigyan ng permanenteng visa ngunit hindi pa nakarating gamit ang visa na iyon.

## Pagkansela ng Visa

Sasabihan ka namin sa pamamagitan ng sulat kung nakansela ang iyong visa bilang tugon sa mga pansamantalang paghihigpit sa pagbibiyahe. Kasama dito ang impormasyon kung paano humingi ng pagbawi sa desisyon sa pagkansela ng visa.